# Pilot para sa Matatatag na Komunidad sa Chicago

*Nagbibigay ng Kaluwagan at Katatagan para sa Mga Residente ng Chicago*

*Mag-apply sa pagitan ng Abril 25 at Mayo 13*

**Bago simulan ang iyong aplikasyon, kakailanganin mong maghanda ng mga dokumento para beripikahin ang iyong kwalipikasyon para sa programa**, partikular na ang mga dokumentong magpapatunay ng iyong pagkakakilanlan, petsa ng kapanganakan, kasalukuyang paninirahan sa Chicago, at kabuuang kita ng sambahayan. Naglalaman ang flyer na ito ng listahan ng mga dokumentong tatanggapin ng GiveDirectly, ang nonprofit na tagapangasiwa ng programa na responsable sa pagsusuri ng iyong aplikasyon. Habang sinusuri ang iyong aplikasyon, maaaring makipag-ugnayan ang GiveDirectly para humiling ng karagdagang dokumentasyon.

**>>** Para sa impormasyon at mga kasagutan sa mga madalas itanong, bisitahin ang **Chicago.gov/cashpilot**

**>>** Gusto mo ba ng 1:1 na tulong sa iyong aplikasyon? Alamin kung anong mga lokasyon at kaganapan para sa tulong sa aplikasyon ang available sa iyong lugar sa: https://ywcachicago.org/chicagocashpilotassist/

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa pangkat para sa suporta ng GiveDirectly sa pamamagitan ng pagsusumite ng tanong sa givedirectly.org/support, pagpapadala ng email sa help@chicagocashpilot.org, o pagtawag sa 855-594-4016.

**Listahan ng Mga Tinatanggap na Dokumento para sa Pagkakakilanlan at Edad**

Dapat isumite ng aplikante ang isa sa mga sumusunod na may bisa na uri ng ID na may litrato:

- Lisensiya sa pagmamaneho
- ID sa Estado
- CityKey ID sa Chicago
- Pasaporte sa US
- Pasaporte sa Labas ng Estados Unidos
- ID sa Militar
- Green card
- Sertipiko ng naturalisasyon (form N-550 o N-570)
- Sertipiko ng pagkamamamayan sa US (form N-560 o N-561)
- Card ng permanenteng residente (I-551)
- ID na may litrato ng tribo ng Katutubo ng Amerika
- ID ng Mag-aaral (na may petsa ng kapanganakan)
- ID Card ng Konsulado
- ID Card ng (Banyagang) Botante
- Matricula I.D.
- Awtorisasyon sa Pagtatrabaho sa US
- Permiso ng Natututong Magmaneho
- Lisensiya sa Pagmamaneho ng Pansamantalang Bisita

Kung wala sa itaas ang available, bilang alternatibo, maaaring magsumite ang aplikante ng dalawa sa alinman sa mga uri ng ID na walang litrato sa ibaba, kung saan ang isa ay dapat magpakita ng petsa ng kapanganakan (date of birth, DOB):

Sertipiko ng kapanganakan, card ng insurance sa kalusugan/card ng reseta, card ng insurance (na may DOB), ID card ng botante, card ng pagkakakilanlan sa trabaho, rehistrasyon ng sasakyan na may pangalan at address, mga opisyal na rekord sa pagkakatala sa paaralan, mga rekord sa pag-ampon, rekord sa patakaran ng insurance sa buhay, sertipiko ng binyag o iba pang panrelihiyong sertipiko, o mga sertipikadong rekord ng ospital.

Kung wala ang alinman sa mga nasa itaas, maaari ding tanggapin ang nilagdaang sulat sa pagpapatunay ng pagkakakilanlan mula sa isang nonprofit, organisasyong nakabase sa pananampalataya, tagapangasiwa ng kaso (caseworker) hinggil sa programa sa pampublikong benepisyo, o nilagdaang pagpapatunay mula sa aplikante.

*Bersiyon: 04/25/2022*

**Listahan ng Mga Tinatanggap na Dokumento para sa Paninirahan**

| |
|---|
| Dapat isumite ng aplikante ang isa sa mga sumusunod na uri ng patunay ng paninirahan:<br>• Patunay ng I.D. (tingnan ang naunang tsart) na may kasalukuyang address<br>• Bill sa utilidad mula sa nakalipas na 90 araw na may address para sa serbisyo<br>• Bill sa landline na telepono mula sa nakalipas na 90 araw na may address para sa serbisyo<br>• Bill sa internet mula sa nakalipas na 90 araw na may address para sa serbisyo<br>• Bill sa cable mula sa nakalipas na 90 araw na may address para sa serbisyo<br>• May bisang insurance sa pag-upa na may ini-insure na address<br>• May bisang rehistrasyon ng sasakyan na may address ng tirahan<br>• Pahayag sa buwis o resibo na may address ng tirahan<br>• Mga dokumento sa mortgage o pag-upa na may address ng tirahan<br>• Kasulatan sa tirahan na may kompletong address at pangalan ng aplikante<br>• Dokumento sa mga benepisyo ng gobyerno na may address ng tirahan (hindi hihigit sa 1 taon)<br>• Sulat mula sa ahensiya ng gobyerno na nagsasaad ng address ng paninirahan (hindi hihigit sa 1 taon) |
| Kung wala sa itaas ang available, bilang alternatibo, maaaring magsumite ang aplikante ng rekord sa Sistema ng Impormasyon sa Pamamahala ng Walang Tirahan (Homeless Management Information System) o nilagdaang sulat ng pagpapatunay ng paninirahan mula sa nonprofit, organisasyong nakabase sa pananampalataya, o tagapangasiwa ng kaso hinggil sa programa sa pampublikong benepisyo. Bilang huling paraan, maaari ding tanggapin ang nilagdaang pagpapatunay mula sa aplikante. |

# Pilot para sa Matatatag na Komunidad sa Chicago

*Nagbibigay ng Kaluwagan at Katatagan para sa Mga Residente ng Chicago*

*Mag-apply sa pagitan ng Abril 25 at Mayo 13*

**Listahan ng Mga Tinatanggap na Dokumento para sa Kita ng Sambahayan**

Dapat magplano ang aplikante na magsumite ng isa sa mga sumusunod na dokumentong patunay ng kita para sa bawat kumikitang miyembro na nasa hustong gulang sa sambahayan, maliban kung nalalapat ang benepisyo sa buong sambahayan:

- Patunay ng paglahok sa isa sa mga sumusunod na programa para sa tulong sa ibaba:
  - Numero ng Pagkakakilanlan sa Awtoridad sa Pabahay sa Chicago (Aktibo)
  - Sulat ng kumpirmasyon sa pagkakatala o kwalipikasyon mula sa alinman sa mga sumusunod na programa:
    - Programa para sa Tulong sa Pangangalaga ng Bata (Child Care Assistance Program, "CCAP")- *na pinetsahan noong Enero 2021 o mas bago*
    - Mga Pell Grant- *na pinetsahan noong Enero 2021 o mas bago*
    - Programa sa Tulong para sa Pandagdag na Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, "SNAP") – *na pinetsahan noong Abril 2021 o mas bago*
    - Pandagdag na Pansegurong Kita (Supplemental Security Income, "SSI") - *na pinetsahan noong Enero 2021 o mas bago*
    - Pansamantalang Tulong para sa Mga Nangangailangang Pamilya (Temporary Assistance for Needy Families, "TANF") – *na pinetsahan noong Abril 2021 o mas bago*
    - Mga Babae, Sanggol, at Bata (Women, Infants, and Children, "WIC")- *na pinetsahan noong Abril 2021 o mas bago*
- Mga dokumento sa buwis mula 2020 o 2021: Form 1040 o iba pang inihaing form sa buwis
- Mga dokumento sa sahod mula 2021 o 2022:
    - W2 o 1099
    - Kamakailang paystub o paycheck
    - Sulat ng gawad para sa kawalan ng trabaho
    - Pahayag ng bangko
    - Kasaysayan ng transaksyon sa mga kilalang plataporma para sa gig economy, hal., Uber, Lyft, Taskrabbit, Upwork.

Kung wala sa itaas ang available, bilang alternatibo, maaaring magsumite ang aplikante ng nilagdaang sulat ng pagpapatunay ng kita mula sa nonprofit, organisasyong nakabase sa pananampalataya, o tagapangasiwa ng kaso hinggil sa programa sa pampublikong benepisyo. Kung wala ang alinman sa mga nasa itaas, maaari ding tanggapin ang nilagdaang pagpapatunay mula sa aplikante.

## Mga Akomodasyon para sa Mga Aplikanteng Nahaharap sa Mga Hadlang sa Dokumentasyon

Hinihikayat ng Departamento ng Mga Pampamilya at Pansuportang Serbisyo ang mga organisasyon ng komunidad na mag-host ng mga kaganapan para sa tulong sa impormasyon at aplikasyon para matulungan ang mga residente na maunawaan ang mga kinakailangan sa aplikasyon at makapagsumite ng mga kompletong aplikasyon.

Upang magboluntaryong mag-host ng kaganapan sa komunidad, punan ang form ng Kahilingan para sa Kasosyo: https://ywcachicago.tfaforms.net/148. Ang form na ito ay pinamamahalaan ng YWCA Metropolitan Chicago, ang namumunong delegado sa pagtulong para sa pilot.

Ang mga residenteng walang seguridad sa pabahay o walang tirahan, bumabalik na residente, hindi dokumentadong residente, at iba pang grupo ay maaaring nahaharap sa mga hadlang sa pagkuha ng aprubadong listahan ng mga dokumento. Bilang konsiderasyon sa mga hadlang na hinaharap ng mga grupong ito, maaaring magbigay ang mga nonprofit, organisasyong nakabase sa pananampalataya, at tagapangasiwa ng kaso hinggil sa mga pampublikong benepisyo ng nilagdaang sulat ng pagpapatunay ng pagkakakilanlan at edad, paninirahan, at/o kwalipikasyon sa kita sa ngalan ng aplikante.

Kung isa kang organisasyon o tagapangasiwa ng kaso na nagpaplanong magpatotoo para sa aplikante, mangyaring kompletuhin ang form na ito: https://ywcachicago.tfaforms.net/148.